



Getting calls from the SSA?

Nakakatanggap ng mga tawag mula sa SSA?

Tumatayong Associate na Direktor, Dibisyon para sa Mamimili at Edukasyon sa Negosyo, FTC

Malamang hindi. Kahit papaano, hindi mula sa **totoong** SSA. Ngunit ilan sa inyo ang nakatanggap ng mga tawag mula sa isang taong nagsabing sila ang Social Security Administration? At maaaring nagpakita ng totoong numero ng telepono ng SSA (1-800-772-1213) o numerong malapit dito sa iyong caller ID? Marami, diba?

Nakakita kami ng pagtaas ng bilang ng mga taong nagre-report ng mga pekeng tawag na iyon mula sa SSA. Mula pa noong Enero 2018, nakatanggap kami ng mahigit 63,000 report ng scam na ito. Tatlong porsyento ng mga taong iyon ay nag-report ng pagkawala – at nawalan sila ng \$16.6 milyon (na may katamtamang pagkawala na \$1,484).

Maari mong marinig kung paano ang mga scam dito. Kadalasang sinasabi ng caller na sinuspinde ang iyong Social Security number (SSN) dahil sa kahina-hinalang aktibidad, o dahil kasangkot ito sa isang krimen. Minsan, gusto ng scammer na kumpirmahin mo ang iyong SSN para ma-reactivate ito. Minsan, sinasabi nitong makukumpiska ang iyong account sa bangko – pero kung maglalagay ka ng pera at bibigyan siya ng mga code, maaaring mapanatili itong ligtas ng SSA. (Siyempre, hinding-hindi mo gustong gawin iyon, dahil mawawala ang pera mo.)

Para i-report ang scam na ito, pumunta sa ftc.gov/complaint. Pero kung ibinigay mo na sa isa sa mga caller na ito ang iyong SSN at nag-aalala ka tungkol sa identity theft, bisitahin ang IdentityTheft.gov/ssa. At kung makakatanggap ka ng isa sa mga tawag na ito, tandaan, remember:

- Ang iyong Social Security number ay hindi masususpindi. Ang account sa iyong bangko ay hindi makukuha.
- Ang totoong SSA ay hindi kailanman tatawag para magbanta tungkol sa iyong mga benepisyo o sabihan kang mag-wire ng pera, magpadala ng cash, o maglagay ng pera sa mga gift card.
- Hindi mo puwedeng paniwalaan ang mga numero sa iyong caller ID. Madaling pekein ng mga scammer ang mga iyon. Pero kung nag-aalala ka, tawagan ang totoong SSA sa 1-800-772-1213. Maaari mong pagkatiwalaan ang numerong iyong kung ikaw mismo ang magda-dial nito – huwag lang ang iyong caller ID.
- Huwag na huwag ibinigay ang iyong SSN, credit card o numero ng bank account sa sinumang kumontak sa iyo. Kahit kailan.

Para madagdagan ang kaalaman sa totoong SSA at FTC tungkol sa mga scam na ito, i-follow ang Facebook Live sa bukas ng tanghali sa [Facebook page ng SSA](#).